



SFUSD SAN FRANCISCO
PUBLIC SCHOOLS

Mga Madalas Itanong Tungkol sa Polisiya ukol sa Paninirahan (Residency Policy) ng SFUSD

Pakitingnan ang ang Gabay sa Pagpapa-enroll (Enrollment Guide), o ang webpage ng Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Education Placement Center), o gawing sanggunian ang [Mga Dokumento ng Lupon \(Board Docs\)](http://www.boarddocs.com/ca/sfUSD/Board.nsf/Public) sa <http://www.boarddocs.com/ca/sfUSD/Board.nsf/Public> para mapag-aralan ang mga naaangkop na Polisiya ng Lupon at Regulasyong Administratibo (Board Policies and Administrative Regulations).

Ano ang itinuturing na “totoong paninirahan (true residency)” para sa layunin ng pagiging kuwalipikado na makapag-enroll sa paaralan ng SFUSD? Ang residente ng San Francisco ay indibidwal na buong panahon o full-time na nakatira sa tahanan na matatagpuan sa San Francisco, at sa anumang partikular na araw, malamang na nasa naisaad na address kung wala sa trabaho o sa paaralan. Ang tirahan ng estudyante ang ipinapalagay na legal na tirahan ng (mga) magulang o tagapatnubay na may pisikal na kustodiya sa menor de edad. Hindi ituturing na paninirahan ang pansamantalang pagtira sa San Francisco, na para lamang sa layunin ng pagpasok sa paaralan ng SFUSD.

Nakatira ako sa labas ng San Francisco, pero nagmamay-ari din ako ng bahay sa San Francisco. Puwede ko bang gamitin ang aking address sa San Francisco para makapag-enroll sa paaralan sa San Francisco dahil sa San Francisco ako nagbabayad ng buwis?

Hindi itinuturing na residente ang taong nagmamay-ari ng bahay sa San Francisco, pero hindi nakatira sa San Francisco. Hindi kuwalipikado bilang residensiyal na address para sa layunin ng pagpapa-enroll sa SFUSD ang negosyo, post office box, o iba pang hindi residensiyal na pang-koreong address na matatagpuan sa San Francisco.

Nakatira ako sa labas ng San Francisco, pero nagmamay-ari din ng bahay sa San Francisco. Kung nakatira ako sa address sa San Francisco sa panahon na magsumite ako ng aplikasyon sa pagpapa-enroll, pero pagkatapos ay lumipat ako sa ibang address, puwede ko bang gamitin ang address sa San Francisco para magpa-enroll sa paaralan? Hindi. Hindi ituturing na paninirahan ang pansamantalang address sa San Francisco, na para lamang sa layunin ng pagpasok sa paaralan ng SFUSD.

Homeless o walang tahanan ang estudyante at wala siyang pirmihan o hindi nagbabago-bago, regular, at nakasasapat na tirahan sa gabi. Ipatutupad ba sa kanya ang polisiya sa paninirahan?

Hindi. Hindi ipinatutupad ang polisiya sa paninirahan sa kabataang homeless.

Kinailangan kong umalis ng San Francisco dahil sa proseso ng pagpapaalis nang walang kasalanan (no-fault eviction). Puwede bang patuloy na pumasok ang aking anak sa paaralan ng SFUSD?

Sa ilalim ng Regulasyong Administratibo 5111.1, puwedeng manatili ang estudyante sa nakatalagang paaralan ng SFUSD sa natitirang bahagi ng akademikong taon kung nawalan ng paninirahan ang kanyang pamilya dahil sa pagpapaalis na hindi nila kasalanan (no-fault eviction).

Puwede bang mag-enroll ang aking anak sa paaralan ng SFUSD kung nakatira kami sa labas ng San Francisco?

Hindi kuwalipikado ang hindi residente na lumahok sa regular na proseso ng pagpapa-enroll. Gayon pa man, puwedeng mag-aplay ang batang hindi residente para sa interdistrict permit o permisong distrito sa distrito upang pumasok sa paaralan ng SFUSD kung nakatira siya sa labas ng San Francisco. Nirerepaso ang mga aplikasyon para sa interdistrict permit matapos na mabigyan ng puwesto ang lahat ng residente ng San Francisco, at pinagbibigyan o tinatanggi sa ilalim ng mga pamantayan at prosesong nakalarawan sa Polisiya ng Lupon/Regulasyong Administratibo 5117, at batay din sa makukuhang espasyo.

Buong panahon o full-time na nakatira kami ng asawa ko sa San Francisco, pero pumapasok ang anak namin sa boarding school na nasa labas ng estado. Puwede pa rin bang mag-aplay ang aming anak sa paaralan ng SFUSD?

Oo, itinuturing na residente ang mga estudyanteng pumapasok sa boarding school sa ibang estado o bansa habang nakatira ang kanilang mga magulang sa San Francisco. Gayon pa man, kailangang matugunan ng mga estudyanteng nag-aaplay para sa Lowell, Ruth Asawa SOTA, o mga programa sa wika ang mga itinatakda para maging kuwalipikado, sa pamamagitan ng mga eksamen upang matanggap o admission test, audition, o pag-eeksamen sa wika, na pinamamahalaan ng SFUSD sa San Francisco. Hindi puwedeng kunin ng aplikante ang mga pag-eeksamen na ito mula sa malayong lugar.



SFUSD SAN FRANCISCO
PUBLIC SCHOOLS

Ano ang mangyayari kung hindi magkasama sa tirahan ang mga magulang?

Kung magkahiwalay ang mga magulang at nakatira sa magkaibang address, kailangang pisikal na naninirahan ang estudyante sa magulang na may kustodiya sa ini-report na address sa San Francisco, nang hindi bababa sa 50% ng panahon sa panahon ng aplikasyon, at sa kabuuan ng regular na akademikong taon, at nang maging kuwalipikado sa pag-aaplay at pag-eenroll sa SFUSD.

Kung kapwa nakatira ang dalawang magulang sa dalawang magkaibang address sa San Francisco, hinihiling ng SFUSD na magsumite ang mga magulang ng IISANG aplikasyon para sa pag-eenroll. Hindi puwedeng masangkot ang SFUSD sa paglutas ng mga hindi pagkakasundo ukol sa mga pinipiling paaralan. Hinihiling ng SFUSD na isama sa mga aplikasyon sa pag-eenroll ang mga dokumento mula sa korte na bumabalangkas sa mga naisaayos na ukol sa pisikal at legal na kustodiya.

Nakatira ang aking anak sa ibang magulang sa labas ng San Francisco at pumapasok sa paaralan sa labas ng SFUSD, pero nakatira ako nang buong panahon sa San Francisco. Puwede ba akong mag-aplay para sa paaralan ng SFUSD at patirahin ang anak ko sa akin kapag nakatanggap kami ng puwesto sa gusto naming paaralan ng SFUSD? Hindi, kailangang pisikal na nakatira ang bata sa magulang na may kustodiya sa ini-report na address sa San Francisco nang hindi bababa sa 50% ng panahon sa panahon ng pag-aaplay para sa pagpapa-enroll.

Nakatira na ako noon bilang buong panahon o full-time na residente ng San Francisco, pero kasalukuyan akong nakatira at nagtatrabaho sa labas ng San Francisco. Plano kong bumalik sa San Francisco bago magsimula ang susunod na akademikong taon. Puwede bang mag-aplay ang anak ko para makapasok sa SFUSD?

Para makapag-enroll sa SFUSD, kailangang patuloy na nakatira sa San Francisco ang magulang/ tagapatnubay sa panahon ng aplikasyon at sa buong panahon ng pagpapa-enroll sa SFUSD. Kung nakatira kayo at nagtatrabaho sa labas ng San Francisco, puwede kayong mag-aplay upang i-enroll ang inyong anak kapag nakabalik na kayo sa San Francisco bilang buong panahon o full time na residente.

Kung patuloy kayong titira sa labas ng San Francisco, puwede kayong mag-aplay para sa interdistrict permit mula sa inyong distritong tinitirhan (district of residence) at sa SFUSD. Ipinoproseso ang mga interdistrict permit sa ilalim ng Polisiya ng Lupon/Regulasyong Administratibo 5117.

Kapag nag-aplay ako para sa SFUSD para sa aking anak at makatanggap siya ng puwesto sa paaralan, at pagkatapos nito, lumipat kami matapos magsimula ang aking anak sa pagpasok sa paaralan ng SFUSD, ano ang mangyayari sa puwesto sa paaralan?

Kailangang makompleto ang anumang pagbabago ng address sa Distrito sa loob ng 14 araw ng paglipat. Posibleng humantong ang kabiguang i-report ang pagbabago ng address sa loob ng 14 araw ng paglipat sa pagbawi sa pagkaka-enroll ng estudyante.

Kung nasa loob ng lungsod ng San Francisco ang paglipat, walang epekto sa puwesto sa paaralan, maliban na lamang kung mapagpapasyahan ng SFUSD na nakuha ang puwesto sa paaralan batay sa hindi totoong impormasyon. Kung nasa labas ng San Francisco ang pagbabago ng address, hindi na magiging kuwalipikado ang estudyante na pumasok sa paaralan ng SFUSD batay sa paninirahan, pero puwede siyang mag-aplay para sa interdistrict permit mula sa tinitirhang distrito at sa SFUSD, upang humiling ng patuloy na pagpapa-enroll sa SFUSD.



SFUSD SAN FRANCISCO
PUBLIC SCHOOLS

Ano ang panlilinlang ukol sa paninirahan o residency fraud?

Gumawa ang (mga) magulang/tagapatnubay ng panlilinlang sa paninirahan kung nagsumite sila ng address na hindi nila totoong tirahan sa proseso ng pag-aaplay at pagpapa-enroll, o sa iba pang dokumentong isinumite sa Distrito.

Ano ang mangyayari kapag nag-imbestiga ang Distrito at napag-alaman nilang gumamit ako ng pekeng address o iba pang hindi totoong impormasyon upang makapag-enroll sa SFUSD?

Tatanggihan o babawiin ng SFUSD ang pagpapa-enroll sa SFUSD at kailangang bayaran ng magulang ang Distrito para sa mga gastos sa pagpapa-imbestiga. Kung residente ng San Francisco ang estudyante, pero nakuha ang puwesto sa paaralan batay sa hindi totoong impormasyon, posibleng mawala sa estudyante ang puwesto sa paaralan na mayroon na siya, at maitalaga sa paaralan ng SFUSD na hindi pa napupunuan ang lahat ng puwesto. Kung hindi residente ng San Francisco ang estudyante, hindi aaprubahan ang interdistrict permit para sa pagpapa-enroll sa SFUSD sa loob ng isang taon matapos na mabawi ang pagkaka-enroll nang dahil sa panlilinlang.

Posibleng magharap ang distrito ng kasong sibil o kriminal laban sa sinumang gagawa ng hindi totoong pahayag upang makapag-enroll sa paaralan ng SFUSD.

Kapag napagpasyahan ng Distrito na gumamit ako ng hindi totoong address o iba pang hindi totoong impormasyon upang makapagpa-enroll sa SFUSD, maapela ko ba ang desisyong ito?

May karapatan ang magulang/tagapatnubay na mag-apela sa desisyon ng Distrito ukol sa paninirahan. Kapag natanggap na ng Distrito ang abiso ukol sa intensiyong mag-apela, magkaloob ang Distrito ng form para sa pag-aapela at buod ng ginamit na ebidensiya upang masuportahan ang desisyon ukol sa paninirahan. Pagkatapos nito, mayroong 14 araw ang magulang/tagapatnubay upang magsumite ng salaysay at pansuportang dokumentasyon upang masuportahan ang kanilang apela sa Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Education Placement Center). Mananatiling naka-enroll ang estudyante sa paaralan ng SFUSD hanggang sa mapagtibay o mabaligtad ang desisyon na bawiin ang pagkaka-enroll. Pinal na ang desisyong ito.